



PADALUYANG TUBIG NG HAGONROY
(*HAGONOY WATER DISTRICT*)

GABAY SA MGA MAMAMAYAN
(*CITIZEN'S CHARTER*)

2020 (Unang Edisyon)



PADALUYANG TUBIG NG HAGONROY
(*HAGONROY WATER DISTRICT*)

GABAY SA MGA MAMAMAYAN
(*CITIZEN'S CHARTER*)

2020 (Unang Edisyon)



I. Mandato:

Ang Padaluyang Tubig ng Hagonoy, isang maunlad at ekonomikong patubigang bayan na may tungkuling magbigay ng kalidad na serbisyo para sa maunlad, progresibo at sustinableng pagsusuplay ng tubig ay ganap na nakatuon upang tiyakin na ang serbisyong pantubig at pang-septage nito ay mabisa at patuloy. Ito ay mayroong matatag na pananalapi habang naglilingkod sa pinakamataas na antas para sa kasiyahan ng lahat ng konsesyonaryo, grupo o samahan kabilang na ang pagsunod sa lahat ng mga nauukol na batas, polisiya at regulasyon at sa tapat na pangako nito para sa epektibo at patuloy na pangangalaga sa kalikasan.

Alinsunod sa Presidential Decree No. 198 o Provincial Water Utilities Act of 1973, ang Padaluyang Tubig ng Hagonoy ay binuo sa mga sumusunod na layunin:

- Pagkuha, paglalagay, pagsasaayos, pagpapanatili at pamamahala sa suplay ng tubig at sistemang distribusyon para sa domestikong, industriyal, munisipal at agrikultural na paggamit ng mga residente at kalupaang nasasakop at nasa hangganan ng alinmang distrito;
- Pagbibigay, pagmimintina at operasyon ng koleksiyong wastewater, paggamot at pasilidad ng pagtatapon; at
- Pagseguro ng iba pang mga tungkulin at operasyong hindi inaasahan tungo sa pagpapaunlad ng tubig yaman, paggamit at pagpapatapon sa loob ng nasabing distrito, gaya ng pangangailangan o kaugnayan sa nasabing layunin.

II. Bisyon

Tiyakin ang mabisa, maaasahan at nagsasariling patubigang bayan at sektor na sewerage na nagbibigay ng pinakamataas na antas ng paglilingkod sa lahat ng konsesyonaryo.

III. Misyon

Ipinagpapasiya ng Padaluyang Tubig ng Hagonoy na maging isang maunlad na pampublikong yutilidad na naglilingkod sa pamamagitan ng pagsusuplay ng sapat, ligtas at maaasahang tubig sa posibleng pinakamurang halaga habang sinisiguro ang pagpapanatili at pangangalaga sa kalikasan.



IV. Pundasyon ng Etika sa Trabaho

I. KARANGALAN AT KAHUSAYAN

Kami ay may kakayahan at may hangaring magsagawa na patuloy na proyektong magpapaunlad sa sistemang patubig habang nakatuon sa pangangalaga at pagpapanatili ng tubig yaman.

II. MAKA-KONSESYONARYO

Nilalayon naming patuloy na mapabuti ang kalidad ng aming serbisyo, palagiang makatugon at mapanatili ang mabuti at matapat na pakikitungo sa lahat ng aming konsesyonaryo alang-alang sa kanilang kaluguran.

III. DEDIKASYON

Kami ay nakikipagkasundong isagawa ang aming trabaho sa pinakamabilis, pinakabisa at pinaka-angkop na pamamaraan. Ang gampaning ito ay pinapatnubayan ng masinop, matatag at mahusay na pamamahalang pananalapi kaakibat ng kaibuturang layunin na makapagbigay ng mas mabuting paglilingkod sa lahat ng konsesyonaryo.

IV. PAGTUTULUNGAN

Kami ay binubuo ng magagaling at matatalinong kawani, pinapangasiwaan ng mga polisiyang pinag-limiang mabuti at nag-aambag ng mga kaalaman sa lahat ng dibisyon ng kumpanya. Ang aming mga kawani ay sinasanay at ginagantimpalaan habang patuloy silang nag-aambag na pataasin pa ang antas at kahalagahan ng kumpanya.

V. MALIKHAIN

Hinihimok namin ang ating mga kawani na gamitin ang kanilang talino, pakiramdam at impormasyon upang itaguyod ang pagbabago at pabilisin ang pagtugon sa mga kahilingan o reklamo ng ating mga konsesyonaryo.



V. ISKEDYUL NG SERBISYO

Oras ng Opina

Lunes - Biyernes
8:00 ng umaga – 5:00 ng hapon
Walang Pahinga sa Tanghali

Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo at Dibisyon sa Koleksyon

Lunes - Biyernes
7:00 ng umaga – 5:00 ng hapon
Walang Pahinga sa Tanghali

Sabado
7:00 ng umaga – 12:00 ng
tanghali

VI. PRIORITY LANE

Alinsunod sa Seksyon 4-K ng Senior Citizens Act 2010 ay naglaan ng espasyo ang tanggapan sa unang palapag ng Gusaling Ka Blas at naglagay ng Priority Lane (express or courtesy lane) para sa mga magsisipagbayad na mga senior citizens, may kapansanan (PWD) at buntis. Ito po ay bukas Lunes – Biyernes, ika-7:00 ng umaga hanggang ika-4:00 ng hapon. Ang Senior Citizens ay mga mamamayang Pilipino na nakatira sa Pilipinas at may gulang na 60 taon pataas.



LIST OF SERVICES

Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo	6
External Services	
Pag A-Aplay ng Bagong Koneksyon sa Tubig <i>(New Connection)</i>	7
Kahilingan Para sa Muling Pagpapabukas ng Pinutol na Koneksyon <i>(Reconnection Request)</i>	9
Pansamantalang Pagpapaputol sa Koneksyon ng Tubig <i>(Request for Temporary Disconnection of Service Connection)</i>	11
Kahilingang Serbisyo <i>(Service Request)</i>	13
Utos Pagmimintina <i>(Maintenance Order)</i>	15
Paglipat ng Punong Metro at Pagtataas ng Metro <i>(Relocation and Highering of Water Meter)</i>	17
Kahilingan sa Pagbabago ng Nakapangalan sa Resibo ng Tubig <i>(Request for Change Name)</i>	19
Pagbilli ng Materyales <i>(Purchase of Materials)</i>	21
Dibisyon ng Pagsusuma at Koleksyon	24
External Services	
Pagbabayad ng Tubig <i>(Water Bill Payment)</i>	25
1.1 Pagbabayad sa Kolektor sa Opisina	25
1.2 Pagbabayad ng Tubig sa <i>Field Bill Collector</i>	26
Kasulatan ng Pangako <i>(Promisory Note)</i>	28
Dibisyon ng Administratibo	29
External Services	
Kahilingan sa Pagkuha ng Katibayan ng Kawalang Pananagutan <i>(Request for Clearance)</i>	30
Internal Services	32
Kahilingan sa Pagkuha ng Sertipiko sa Trabaho <i>(Certificate of Employment)</i>	33
Kahilingan sa Tala ng Serbisyo <i>(Service Record)</i>	35



Pagsasapera sa Naipong Kredito ng Bakasyon <i>(Monetization of Leave Credits)</i>	36
Dibisyon ng Pananalapi	
External Services	38
Pag-Issu ng mga Suplay at Materyales <i>(Issuance of Supplies & Materials)</i>	39
Pagbabayad sa Supplier at Kontractor (Materyales at Serbisyo) <i>(Payment to Supplier and Contractors)</i>	43
Dibisyon ng Inhinyero at Gawaing Panlabas	
Internal Services	46
Pagtugon sa mga Kahilingang Serbisyo at Pagmimintina <i>(Service Request and Maintenance Order)</i>	47
Pagkakabit ng Bagong Koneksyon at Muling Pagpapabukas ng Pinutol na Koneksyon <i>(New Connection and Request for Reconnection)</i>	49
Dibisyon ng Produksyon	
Internal Services	51
<i>Microbiological Analysis</i> (Analisis Mikrobayolohiya)	52
Physico - Chemical Test	54



Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo

External Services



1. Pag A-Aplay ng Bagong Koneksyon sa Tubig (New Connection)

Ang bago at karagdagang aplikasyon ng koneksyon sa tubig ay maikakabit matapos na maisumite ang lahat ng kinakailangang dokumento at bayaran ang mga sumusunod: *Application Fee* (P1,500.00), materyales na gagamitin (hanggang punong metro) at iba pang mga bayarin kung mayroon man at kung pumasa sa inspeksyon.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Community Tax Certificate</i> (Sedula) ng kasalukuyan		Opisina ng Barangay		
Barangay Clearance		Opisina ng Barangay		
Litrato (1 piraso) 2x2				
Lumang resibo (billing notice) sa tubig ng katabing bahay (para sa <i>account numbering</i>)		katabing bahay		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk</i> (CS Front Desk) at ipabatid ang sadya o kahilingan	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Isumite sa <i>Customer Service Assistant</i> (CSA) ang mga dokumento	2.1 Tanggapin at suriin kung kumpleto at tama ang mga kinakailangang dokumento	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.2 Gawan ng <i>Service Application and Construction Order</i> (SACO) ang kliyente pabalikin	Wala	5 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



	pagkatapos para sa materyales			
	2.3 Papirmahin at ipaliwanag ang nilalaman ng kasunduan at sabihan ng iskedyul ng CI	Wala	5 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.4 Isyuhan ng resibo (official receipt) ang aplikante sa binayarang application fee	1,500.00	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.5 Bigyan ng kopya ng SACO, OR at ibalik ang sedula sa kliyente	wala	2 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
3. Bumalik sa tanggapan upang bilin ang materyales na kailangan matapos ang inspeksyon				
KABUUAN:		1,500.00	21 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



2. Kahilingan Para sa Muling Pagpapabukas ng Pinutol na Koneksyon (Reconnection Request)

Ang koneksyong pinutol sanhi ng hindi pagbabayad sa dalawang buwang konsumong lumagpas na sa takdang petsa o due date ay maaaring ipakabit kung mababayaran ang naiwang pagkakautang kasama ang *closing bill*, *reconnection fee*, at iba pang bayarin kung mayron man. Ang walang pahintulot na pagbubukas ng pinutol na koneksyon ay direktang paglabag sa kasunduang itinatadhana ng tanggapan at RA 8041.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing Notice</i>		Opisina ng HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i> at sabihin ang sadya o kahilingan	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Ibigay ang <i>billing notice</i> sa <i>Customer Service Assistant</i>	2.1 Gawan ng <i>Reconnection Assessment</i> (sumahin at ipaliwanag ang kabuuang halaga na dapat bayaran) at pabayaran ang naiwang pagkakautang sa tubig sa Office Teller	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



<p>3. Bayaran sa <i>Office Teller</i> ang <i>kabuuang halaga</i> ng naiwang pagkakautang sa tubig (kasama ang surcharge)</p>	<p>3.1 Tanggapin ang kabayaran, isyuhan ng resibo (<i>Official Receipt (O.R)</i>)</p>	<p>Kabuuang halaga ng naiwang utang sa tubig at surcharge (2 mos. <i>Penalized + closing bill</i>)</p>	<p>2 minuto</p>	<p><i>Teller</i></p>
<p>4. Bumalik sa <i>CS Front Desk</i>, <i>iabot ang OR ng binayang utang sa tubig</i> at bayaran naman ang <i>Reconnection Fee (RF)</i>, <i>Meter Standing Maintenance Fee (MSMF)</i> (kung mayroon) at iba pang pagkakautang</p>	<p>4.1 Tanggapin ang kabayaran, isyuhan ng O.R at gawan ng <i>Reconnection Request (R.R)</i> ang kliyente</p>	<p>RF - 100.00</p>	<p>3 minuto</p>	<p><i>Customer Service Assistant</i></p>
<p>5. Lagdaan ang <i>Reconnection Request (RR)</i> at kunin ang isang kopya nito</p>	<p>5.1 Iproseso ang <i>RR</i>, i-logbook at ibigay sa <i>Engineering Division</i> para ma-iskedyul ito.</p>	<p>Wala</p>	<p>2 minuto</p>	<p><i>Customer Service Assistant</i></p>
<p>KABUUAN:</p>		<p>Kabuuang halaga ng naiwang utang sa tubig + surcharge + RF (₱100.00)</p>	<p>13 minuto</p>	
<p>Katapusan ng Transaksyon</p>				

*** Tingnan ang Table ng Maaaring Nakonsumong Halaga ng Tubig



3. Pansamantalang Pagpapaputol sa Koneksyon ng Tubig (Request for Temporary Disconnection of Service Connection)

Ang kaninomanang koneksyon sa tubig na pansamantala o pangmatagalang hindi gagamitin ng sinumang kliyente ay ipaputol muna upang makaiwas sa buwanang minimum na singil sa konsumo. Dapat lamang na ang nagmamay-ari o nakapangalan sa resibo ng tubig ang siyang magtungo sa tanggapan at humiling sa naturang pagpapaputol. Kung wala ang may-ari, ay dapat may dalang kaukulang kasulatan ang kumakatawan sa kanya.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing Notice</i> <i>ID na isyu ng gobyerno</i>		Opisina ng HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i> at ipabatid ang sadya o kahilingan	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Ibigay ang billing notice sa <i>CS Front Desk</i>	2.1 Tsekin kung mayroong pagkakautang sa tubig	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
3. Bayaran ang nakonsumo o naiwang pagkakautang sa tubig (kung mayroon man) sa <i>Teller</i> at bumalik sa <i>Customer</i>	3.1 Igawa ng “ <i>Request for Temporary Disconnection</i> ” at palagdaan sa kliyente ang naturang request at bigyan ng kopya ang kliyente	Wala	5 minuto	<i>Customer Service Assistant/ Teller</i>



<i>Service Assistant</i>				
4. Antayin sa bahay ang tuberong magpuputol base sa iskedyul ng pagbisita				
KABUUAN:		Wala	11 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



4. Kahilingang Serbisyo (Service Request)

Ang anumang kahilingang pantubig ay katungkulang kaagad na tugunan ng tanggapan. Ito ay upang masiguro ang mataas na antas ng paglilingkod sa lahat ng kliyente ng tanggapan. Mangyari lamang na magtungo sa Customer Service Front Desk upang i-report ang naturang kahilingan o kaya'y itawag sa aming customer service hotline 793-0433/ 09457738863/ 09183985320.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing Notice</i>		Opisina ng HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente kung ano ang kahilingang nais na ipagawa/ irequest. (<i>low pressure, gate valve installation, volumetric testing etc.</i>)	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.2 Gawan ng <i>Service Request (SR)</i> ang kliyente batay sa kanyang kahilingan	Wala	4 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



	1.3 Palagdaan ang SR sa kliyente, ibigay ang iskedyul ng pagbisita at bigyan siya ng kopya ng SR	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Lagdaan at tanggapin ang kopya ng SR at antayin sa bahay ang gagawa base sa iskedyul ng pagpunta ng tubero.				
KABUUAN:		Wala	10 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



5. Utos Pagmimintina (Maintenance Order)

Katungkulan ng tanggapan na siguruhing malakas, maaasahan at malinis ang suplay ng tubig na ipinagsisilbi nito. Kung kaya't kinakailangan namin ang tamang koordinasyon sa pamamagitan ng maagap na pagrereport sa mga suliraning pantubig mula sa lahat ng aming kliyente. Ang pagmimintina sa ating sistemang patubig ay isang kaugalian na relihiyosong ginagawa ano mang oras at ano mang panahon.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing Notice or Address</i>		Opisina ng HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i>	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente kung ano ang pagmimintina na nais ipagawa (<i>mainline leak, service line leak, illegal use of water, request for extention line, etc.</i>)	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.2 Gawan ng <i>Maintenance Order (MO)</i> ang kliyente batay sa kanyang kahilingan	Wala	4 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



	1.3 Palagdaan ang MO sa kliyente, ibigay ang iskedyul ng pagbisita at bigyan siya ng kopya ng MO	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Lagdaan at tanggapin ang kopya ng MO				
KABUUAN:		Wala	10 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



6. Paglilipat ng Punong Metro at Pagtataas ng Metro (Relocation and Highering of Water Meter)

Bunsod ng mga kaganapang wala sa ating kontrol gaya ng hightide at pagtataas ng mga kalsada ay kinakailangan din naming umayon sa pamamagitan ng paglilipat at pagtatas ng metro ng tubig. Ito ay karaniwang ginagawa din batay sa mga pansariling kahilingan ng ating mga kliyente. Walang sinisingil na ano mang gastusin sa paggawa (labor cost) ang aming tanggapan upang isakatuparan ito.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
Billing Notice or Account Number		Opisina ng HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIA N NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.2 Gawan ng <i>Service Request</i> (SR) ang request ng kliyente hinggil sa pagpapalipat o pagpapataas ng punong metro	Wala	4 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.3 Papirmahin sa SR ang kliyente, ibigay ang iskedyul ng pag-inspeksyon at bigyan siya ng kopya ng SR	Wala	4 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



2. Bumalik sa tanggapan upang bilin ang materyales na kailangan matapos ang inspeksyon				
KABUUAN:	Wala	11 minuto		Katapusan ng Transaksyon



7. Kahilingan sa Pagbabago ng Nakapangalan sa Resibo ng Tubig (Request for Change Name)

Maaring ipabago ang nakapangalan sa resibo ng tubig basta't kumpleto ang mga pinanghahawakang dokumento na makapagpapatunay sa pagmamay-ari ng lupang kinatitirikan ng koneksyong binabanggit. Ang *Request for Change Name* ay isang proseso na dumadaan sa tanggapan ng aming *Legal Council*.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing notice</i> <i>Deed of Sale</i> <i>Lot Title</i> <i>Sedula</i>		Opisina ng HWD Abogado Opisina ng Brgy.		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i>	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.2 Suriin ang mga dokumentong isinumite para sa pagpapatunay ng pagmamay-ari sa lupa	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	1.3 Gawan ng <i>Request for Change Name</i> ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



2. Magbayad ng Notarial Fee	2.1 Tanggapin ang bayad at isyuhan ng OR	NF- ₱70.00	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.2 Palagdain ang kliyente sa Kasunduan sa Paglilingkod sa Tubig	Wala	2 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.3 Bigyan ng kopya ang kliyente	Wala	2 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
KABUUAN:		₱70.00	16 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



8. Pagbilli ng Materyales (Purchase of Materials)

Anumang materyales o gamit mula pag i-instilasyon, pagmimintina at pagkukumpuni ng sistemang pantubig ay maaaring mabili sa aming tanggapan. Ipinapayo namin ang paggamit ng de-kalidad na materyales upang siguruhing hindi magkakaroon ng problema gaya ng tagas ang inyong linya ng tubig.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
<i>Billing Materials</i>		Inspektor ng HWD o tubero sa labas		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i>	1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Ibigay sa <i>Customer Service Assistant</i> ang listahan ng materyales na bibilin (<i>Billing Materials</i>)	2.1 Sumahin ang kabuuang halaga ng <i>billing materials</i>	Wala	5 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
	2.2 pagawan ng <i>store requisition slip (SRS)</i>	Wala	3 minuto	<i>Sr. Accounting Processor</i>
	2.3 Papuntahin sa <i>Stock and Supply Office (tangke)</i> ang kliyente	Wala	3 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>



3. Bayaran ang kabuuang halaga ng materyales sa <i>Stock and Supply Office</i> (tangke)	3.1 Tanggapin ang bayad, isyuhan ng OR at ibigay ang materyales sa kliyente	Kabuuang halaga ng materyales na bibilihin	7 minuto	<i>Storekeeper</i>
KABUUAN:		Kabuuang halaga ng materyales na bibilihin	21 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				

*** Materyales na maaaring kailanganin

No.	LIST OF MATERIALS	Selling price
1	P.E. Pipe 1/2	21.00
2	P.E. Pipe 3/4	33.00
3	P.E. Pipe 1	54.00
4	St. Brass Coupling 1/2	125.00
5	St. Brass Coupling 3/4	227.00
6	St. Brass Coupling 1	242.00
7	Union Brass Coupling 1/2	190.00
8	Union Brass Coupling 3/4	310.00
9	G.I. Elbow 1/2 x 90	37.00
10	G.I. Elbow 3/4	44.00
11	G.I. Elbow 1"	66.00
12	G.I. St. Elbow 1/2	90.00
13	G.I. St. Elbow 3/4	58.00
14	G.I. St. Elbow 1	77.00
15	G.I. Elbow Reducer 3/4 x 1/2	58.20
16	G.I. Elbow Reducer 1 x 1/2	44.00
17	G.I. Elbow Reducer 1 x 3/4	78.00
18	G.I. Pipe 1/2	46.00/910.00
19	G.I. Tee 1/2	36.00
20	G.I. Tee 3/4	67.00
21	G.I. Tee 1	87.00
22	G.I. Tee Reducer 3/4 x 1/2	59.00
23	G.I. Tee Reducer 1 x 3/4	107.00
24	G.I. Tee Reducer 1 x 1/2	86.00
25	G.I. St. Reducer 3/4 x 1/2	14.00
26	G.I. Bushing 3/4 x 1/2	40.00
27	PVC Bushing 3/4 x 1/2	40.00
28	G.I. Nipple 1/2 x 4	40.00



29	G.I. Nipple 1/2 x 5	10.00
30	G.I. Nipple 1/2 x 6	42.00
31	G.I. Nipple 3/4 x 4	40.00
32	G.I. Nipple 3/4 x 6	70.00
33	G.I. Nipple 1 x 2	36.00
34	G.I. Nipple 1 x 4	56.00
35	G.I. Nipple 1 x 6	98.00
36	G.I. Coupling 1/2	24.00
37	G.I. Coupling 3/4	12.00
38	G.I. Coupling 1	39.00
39	G.I. Plug 1/2	25.00
40	G.I. Plug 3/4	30.00
41	Gatevalve 1/2	300.00
42	C.I. Saddle Clamp 2 1/2 x 3/4	243.00
43	C.I. Saddle Clamp 3 x 3/4	180.00
44	C.I. Saddle Clamp 4 x 3/4	228.00
45	C.I. Saddle Clamp 6 x 3/4	378.00
46	C.I. Saddle Clamp 4 x 1	354.00
47	PVC Saddle Clamp 2 x 1/2	159.00
48	PVC Saddle Clamp 2 x 3/4	264.00
49	PVC Saddle Clamp 3 x 3/4	288.00
50	PVC Saddle Clamp 4 x 3/4	312.00
51	PVC Saddle Clamp 6 x 1/2	302.00
52	PVC Saddle Calmp 6 x 3/4	302.00
53	PVC Saddle Clamp 2 x 1	156.00
54	PVC Saddle Clamp 3 x 1	162.00
55	PVC Saddle Clamp 4 x 1	210.00
56	PVC Saddle Clamp 6 x 1	302.00
57	Teflon Tape	18.00
58	Tailpiece w/ nut	139.00
59	Meterstand Assembly	751.00
60	Plastic Male Adapter 3/4	132.00
61	Plastic Male Adapter 1"	98.00
62	Plastic Union Coupling 1/2	68.00
63	Plastic Union Coupling 3/4	114.00
64	Plastic Union Coupling 1"	136.00
65	Plastic Union Coupling 2"	850.00
66	Plastic Equal Elbow 1/2	90.00
67	Plastic Equal Elbow 1"	134.00
68	Plastic End Cap 1"	85.00
69	Plastic Equal Tee 1"	177.00
70	Plastic Male Bend 1"	96.00



Dibisyon ng Pagsusuma at Koleksyon

External Services



1. Pagbabayad ng Tubig (Water Bill Payment)

Palagiang dalhin ang inyong resibo (*billing notice*) sa tuwing magbabayad ng tubig. Kung nawaglit ito, ay maaari ninyong dalhin kahit na lumang billing notice. Sa pagkakataong hindi rin ito nadala ay mangyaring magtungo sa customer service section at hingin ang inyong account number sa customer service assistant.

Dapat nakapangalan sa **Hagonoy Water District** kung tseke ang ibabayad. Mangyaring isulat sa likod ng tseke ang inyong account number, pangalan ng babayaran tubig at telephone number.

Upang maiwasan ang rekargo, paki-bayaran ang inyong tubig bago o sa takdang petsa (due date) na nakasaad sa resibo. Kung ang inyong due date ay pumatak na Sabado, Linggo o holiday, mangyaring magbayad agad bago ang naturang mga araw.

1.2 Pagbabayad sa Kolektor sa Opisina

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Pagsusuma at koleksyon			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
Billing Notice		HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Ibigay sa teller ang resibo sa tubig (<i>Billing Notice</i>) ***Bumalik sa CS Front Desk at hingin ang <i>account number</i> kung hindi dala ang resibo	2. Tanggapin ang bayad at isyuhan ng resibo (OR) ang kliyente	Kabuuang halaga ng tubig na babayaran	3 minuto	<i>Teller</i>
KABUUAN:		Kabuuang halaga ng tubig na babayaran	3 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



1.2 Pagbabayad ng Tubig sa (Field Bill Collector)

Upang makatipid sa pamasaha at maiwasan ang abala ng pagpunta pa sa kabayanan ay maaari kayong magbayad sa nakonsumong tubig sa mga field bill collector naming na siya ring namimigay ng inyong mga billing notice. Ang HWD ay isa lamang sa kakaunting padaluyang Tubig na tumatanggap ng inyong mga bayad upang siguruhing tinatamasa ng aming mga kliyente ang pinaka-kaaya-ayang paglilingkod. Kapalit ng bayad ay iisyuhan kayo ng karampatang resibo.

Opisina o Dibisyon:	Tanggapan ng Pagsusuma at koleksyon			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G – Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng Kliyente			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
Billing notice		HWD		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
	Ibigay sa kliyente (sa kanilang bahay) ang <i>Billing Notice</i>	halaga ng nakonsumo ng tubig	1 minuto	<i>Field Bill Collector</i>
1. Bayaran ang halaga ng nakonsumong tubig	Tanggapin ang bayad at isyuhan ng OR	halaga ng nakonsumo ng tubig	2 minuto	
	KABUUAN:	halaga ng nakonsumo ng tubig	3 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



*** Maaaring Nakonsumong Halaga ng Tubig

KLASIPIKASYON	Code Meter Size	Min. Charge	Min. Charge	Commodity Charge		
				11-20	21-30	31 up
1 – Residential 3 - Government	2	½"	125.00	14.00	15.50	17.00
	3	¾"	200.00	14.00	15.50	17.00
	4	1"	400.00	14.00	15.50	17.00
	5	1 ½"	1,000.00	14.00	15.50	17.00
	6	2"	2,500.00	14.00	15.50	17.00
	7	3"	4,500.00	14.00	15.50	17.00
	8	4"	9,000.00	14.00	15.50	17.00
2 - Commercial	2	½"	250.00	28.00	31.00	34.00
	3	¾"	400.00	28.00	31.00	34.00
	4	1"	800.00	28.00	31.00	34.00
	5	1 ½"	2,000.00	28.00	31.00	34.00
	6	2"	5,000.00	28.00	31.00	34.00
	7	3"	9,000.00	28.00	31.00	34.00
	8	4"	18,000.00	28.00	31.00	34.00
4 – Bulk/ Whole Sale	2	½"	375.00	42.00	46.50	51.00
	3	¾"	600.00	42.00	46.50	51.00
	4	1"	1,200.00	42.00	46.50	51.00
	5	1 ½"	3,000.00	42.00	46.50	51.00
	6	2"	7,500.00	42.00	46.50	51.00
	7	3"	13,500.00	42.00	46.50	51.00
	8	4"	27,000.00	42.00	46.50	51.00



3. Kasulatan ng Pangako (Promisory Note)

Sa mga kliyenteng hindi makababayad sa takdang panahon, na tiyak na mapuputulan ng koneksyon ng tubig ay maaari silang lumagda sa isang kasulatan ng pangangako upang makaiwas sa pagkaputol ng serbisyo sa tubig. Nilalaman ng kasulatang ito petsa kung kalian dapat bayaran ng sinumang kliyente ang kanilang pagkakautang sa tubig. Kung hindi mabayaran, saka pa lamang ipatutupad ang pagputol sa konseksyon.

Opisina o Dibisyon:	Dibisyon ng Pagsusuma at Koleksyon			
Klasipikasyon:	Simple			
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G – Government to Government			
Sino ang makikinabang	Lahat ng konsesyonaryo			
LISTAHAN NG MGA KAILANGAN		SAAN KUKUHANIN		
Kasulatan ng Pangako		Opisina ng HWD at lalagdaan ng kliyente		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	BAYARIN	KAYARIAN NG PROSESO	KATIWALA
1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i>	1.1 Batiin, interbyuhin at gawan ng Kasulatan ng Pangako ang kliyente	Wala	2 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
2. Lagdaan ang Kasulatan ng Pangako	2.1 Kunin ang nilagdaang Kasulatan at paabrobahan sa Tagapamuno ng Dibisyon ng Pagsusuma at Koleksyon	Wala	2 minuto	<i>Customer Service Assistant/ Tagapamuno ng Dibisyon ng Pagsusuma at Koleksyon</i>
	2.2 Bigyan ng kopya ang kliyente	Wala	1 minuto	<i>Customer Service Assistant</i>
KABUUAN:		Wala	5 minuto	
Katapusan ng Transaksyon				



Dibisyon ng Administratibo

External Services



1. Kahilingan sa Pagkuha ng Katibayan ng Kawalang Pananagutan (Request for Clearance)

